

LUPANG TINUBUAN

Mga kasabihan tungkol sa bayan



Pinili at isinalin ni
Joaquin Sy

Kaisa Para Sa Kaunlaran

LUPANG TINUBUAN

Mga kasabihan tungkol sa bayan



Pinili at isinalin ni

Joaquin Sy

I106.4
69

Kaisa Para Sa Kaunlaran

Sa pabalat

Noong Hunyo 1898, hustong sandaang taon ang nakaraan, nagkita sa Yokohama ang kinatawan ng mga Pilipino sa Hapon na si Mariano Ponce at ang lider ng rebolusyong Tsino na si Dr. Sun Yat Sen. Hiniling ni Ponce kay Sun na tulungan ang mga rebolusyonaryong Pilipino sa pagbili ng armas, at pumayag naman ang huli na bumili ng dalawang barkong sandata. Ang unang pagbili ay naganap noong Hulyo 1899. Ang ikalawa naman ay noong Enero 1900. Ang lumang larawan ay simbolo ng mahigpit na pagkakaugnay ng mga Pilipino at Tsino.

Lupang Tinubuan Mga kasabihan tungkol sa bayan

Maynila, 1998

Karapatang-ari 1998

Kaisa Para Sa Kaunlaran

Rm. 1101 State Center Bldg.

333 Juan Luna Street

Binondo 1006 Manila, Philippines

Tels.: 242-3123 • 242-0808

Telefax: (63-2) 242-0923

E-mail Address: kaisa@philonline.com.ph

ISBN 971-8857-17-6

Pag-aalay

Para sa
lahat ng Pilipino,
mahaba o maikli
ang apelyido.
Itim at puti,
dilaw at
kayumanggi.

PASAKALYE

Ipinakita ng isang survey ilang taon ang nakaraan na kung puedeng pumili, maraming batang Pilipino ang mas gugustuhing maging Amerikano, Hapones o Arabo. Ayaw nilang maging Pilipino.

Nalaman naman sa isa pang survey kamakailan na maraming batang Pilipino ang walang alam sa ating mga bayani. Ang iniidolo nila'y ang cowboy, ang samurai at ang kung fu master, sa ganyang pagkakasunod.

Kung ganito ang ating mga anak, paano naman tayong mga magulang?

Nang sa kaigtingan ng krisis sa pananalapi ay nanawagan ang Bangko Sentral na sa pamahalaan magbenta ng dolyar ang mga mamamayan, lalo lamang humigpit ang hawak natin sa ating mga greenback.

Hindi iilang kolumnista ang sumulat hinggil dito at ikinumpara tayo sa mga Thai at Koreano

na positibong tumugon sa panawagan ng kanilang pamahalaan at nagsuko ng kanilang mga dolyar at ginto upang makatulong sa pagsalba sa kanilang ekonomiya.

Sa taong ito ng sentenaryo ng pagkakatatag ng ating Republika, maging ang simpleng panawagan hinggil sa pagsasabit ng bandila sa mga opisina, tindahan at tahanan ay pansinin dili ng ating mga kababayan. Malala kaysa rito, madalas tayong makakita ng mga bandilang kundi man kupasin ay gula-gulanit na.

At maraming taon matapos idaing ni Ka Amado Hernandez na "pati wikang minana mo'y busabos ng ibang wika," ang wika nati'y ipinapalagay pa ring mas mababa ang uri kaysa wikang ipinanggapos sa atin ng mga kolonyalista.

Hindi tuloy mahirap paniwalaan ang palagay na sadyang may kalabnawan o kapusyawang ang ating pagmamahal sa bayan, bagama't ang ganitong kalabnawan o kapusyawang ay matutunton sa apat na dantaong kolonyalismo at sa mag-asawang

epekto ng relihiyon at kulturang kanluranin.

Sa ganitong konteksto iniaalay ng Kaisa Para Sa Kaunlaran ang munting librong ito na naglalaman ng mga kasabihan at pangungusap hinggil sa bayan. Hangad namin na sa pamamagitan ng munting aklat na ito'y makapag-ambag, gaano man kalimitado, sa pagpapalapot o pagpapatingkad sa ating nasyonalismo.

Maliban sa ilang linya ng tula ng Ama ng Katipunan, ang mga kasabihan at pangungusap na tinipon dito ay nalathala sa Tulay (ang pahayagan ng Kaisa) mula Pebrero ng nagdaang taon hanggang Marso ng kasalukuyang taon at pawang pinili at isinalin mula sa isang librong inilimbag sa Tsina.

Kaya naman maaaring sabihing isang kapintasan ng koleksiyong ito ang pangyayaring halos kalahati ng mga kasabihan at pangungusap ay mula sa Tsina. Sayang at hindi nagkaroon ng pagkakataon upang magsaliksik ng mga kasabihan at pangungusap na masasabing sariling atin.

Gayunpaman, ito'y maaari pa ring tignan bilang pagganap ng Kaisa sa papel nito bilang tulay o daluyan ng mga positibong elemento ng kulturang Tsino upang lalo pang payamanin ang kulturang Pilipino.

Kung tutuusin kasi, ang mga maningning na kasabihan at pangungusap na sumibol at umusbong sa isang bayan ay hindi kinukupasan ng kinang ilipat man sa ibang lupain.

Tignan halimbawa ang pangungusap na ito: Ang mga bundok sa Inang-Bayan ay tunay na nagmamahal sa atin. Sa tuwing inaawitan natin sila, sila ri'y umaawit sa atin.

Hindi mahalaga na ang pangungusap ay namutawi sa mga labi ng Tsinong si Huang Yaw Min. Ito'y mananatiling marikit kahit ito'y bunga ng marubdob na damdamin ng isang Ruso, Biyetnames, Pranses, Cubano o Pilipino.

Tignan ang isa pang pangungusap na mula naman sa dakilang manunulat na Tsinong si Ba Jin: Ang ating baya'y hindi paraiso sa lupa, nguni't ang bawa't mamamaya'y may tungkuling gawin itong paraiso sa lupa.

Hindi ba't ito'y may mahalagang mensahe sa alinmang lahi at sa alinmang bansa?

Ang kapasyahan ng kabataang Tsinong si Gong Mei nang kanyang sabihing "Isisilid ko sa utak ang lahat ng karunungan, pagkuwa'y buong-buong iaalay sa Inang-Bayan" ay dapat lang na maging kapasyahan din ng lahat ng kabataan, sa alinmang bandila sila sumusumpa ng katapatan.

Pakinggan naman ang biling ito ng rebolusyonaryong Tsinong si Peng De Huai: Pag namatay ako, dalhin ang mga abo ko sa lupang tinubuan. Ibaon ang mga ito, at sa ibabaw ay magtanim ng isang punong mansanas. Ito ang huling ganti ko sa lupang tinubuan, at sa mga kamag-anak ko't kababayan.

Kung ang punong mansanas ay gagawing punong mangga o punong bayabas, ang siniping pangungusap ay maaari ring magpahayag ng mahigpit na pagkakaugnay ng isang Pilipino sa kanyang lupang tinubuan.

Narito naman ang taimtim na panata ng manunulat na Tsinong si Bing Xin: Ang bayan

ay para kong ina. Ang anumang kapintasan niya ay parang dumi sa mukha ng ina. Lilinisin ko ito sa pamamagitan ng dalawa kong kamay.

Hindi ba't ito'y dapat na maging panata ng lahat na manunulat, sa alinmang wika sila nagsusulat?

Unibersal din ang pintig ng isa pang pangungusap mula pa rin kay Huang Yaw Min: Mahal ko ang wika ng Inang-Bayan. Ang bawa't kataga at bawa't salita ay pawang kaugnay ng aking laman at dugo, at kasamang tumitibok ng aking puso.

Nagpapatunay lang na bagama't iniuukol sa sariling bayan, ang nasyonalismo ay isang damdaming likas sa mga taong kabilang sa iba't ibang lahi at bansa.

Kaya naman hindi kataka-taka na ang diwang nakapaloob sa pangungusap na "Ang mamamayan ang mag-aaruga sa bayan, hindi bayan ang mag-aaruga sa mamamayan" na mula sa pilosopong Tsining si Wang An She ay siya ring diwang nakapaloob sa hamon ni John F. Kennedy: Huwag itanong kung ano ang

magagawa ng bayan para sa iyo. Itanong kung ano ang magagawa mo para sa bayan.

Para ring nabasa ng bayaning Pilipinong si Andres Bonifacio at ng bayaning Tsinong si Sun Yat Sen ang isip ng isa't isa nang ang walang kamatayang tula ng Ama ng Katipunan na nagpapalagay na "Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya sa pagkadalisay at pagkadakila, gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa? Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala." ay tila sinangayunan o sinusugan ng bayaning Tsino sa pagsasabing "Ano ang pinakamahalaga sa buhay ng tao? Ang matutong magmahal sa sariling bayan."

At mapintasan mang nagbubuhat ng sariling bangko, kasabay ng pag-aalay namin ng mga pinili at isinaling pangungusap ay iniaalay din namin at isinama sa munting aklat na ito ang Kredo ng Kaisa. Bukod sa isang paraan ito ng pagpapakilala sa mga layunin ng aming samahan, ito'y pagpapaalala rin sa ating mga kababayan na ang mga Tsinong Pilipino, o ang mga Tsino... Pinoy rin!

Isinama na rin namin ang mga nagwaging lahok sa paligsahan sa pagguhit at pagpinta na inilunsad ng Kaisa sa sentenaryo ng pambansang himagsikang nagbigay daan sa pagsilang ng unang republika sa Asya. Ang paligsahan, na may temang "Sentenaryo ng Rebolusyon: Ang kahulugan para sa akin" at masiglang nilahukan ng mga mataas na paaralan sa Maynila, ay munting ambag pa rin ng aming samahan sa pagpapaalab sa pagmamahal sa kalayaan at sa lupang tinubuan.

Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya
sa pagkadalisay at pagkadakila,
gaya ng pag-ibig sa tinubuang lupa?
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

Andres Bonifacio

Ano ang pinakamahalaga sa buhay ng
tao?
Ang matutong magmahal sa sariling
bayan.

Sun Yat Sen

Totoong ang bayan ko'y maralita.
Totoo rin na siya ay atrasado. Nguni't
siya ang aking Inang-Bayan, kaya't di ko
siya maaaring iwan, gaya ng
pangyayaring di maaaring iwan ng anak
ang kanyang ina. Basta't sama-samang
magpupunyagi ang mamamayan, ang
karalita't pagkaatrasado ay maaaring
baguhin.

Yang Jong Jian
siyentipiko

Kung minsa'y tila nakahihigit ang ating pagmamahal sa katwiran kaysa pagmamahal sa bayan, nguni't ito'y dahil nais nating mahalin ang bayan nang naaayon sa katwiran.

kasabihang Pranses

Walang bayang laging malakas, o laging mahina. Kung malakas ang mga namumuno, malakas din ang bayan. Kung mahina ang mga namumuno, mahina rin ang bayan.

kasabihang Tsino

Ang aking mga mata, ang aking mga
tenga at ang aking puso ay paulit-ulit na
nagsasabi sa akin na ang aking mga
kababáya'y may natatanging ganda.

*Yan Wen Jing
makabayang Tsino*

Ang lahat ng bagay na nagbibigay
ng init at kabuluhan sa aking buhay ay
pawang matatagpuan sa aking bayan, sa
aking dakilang Inang-Bayan!

*Wang Mong
makabayang Tsino*

Ang katotohanan at ang bayan ay hindi kailanman mapaghihiwalay. Ang mga ito'y laging magkaugnay.

Ang isang dakilang lahi ay hindi kailanman mangangamba sa pagsakop ng ibang lahi.

Ang pagmamahal sa sariling bayan ay hindi dapat mangahulugan ng pagkamuhi sa ibang taong matapat ding nagmamahal sa kanilang bayan.

Roman Roland
manunulat na Pranses